

# 1

*Manhattan, New York, March 2001...*

“You have 10 new messages.”

Pagbukas na pagbukas ni Bettina ng e-mail niya ay iyon agad ang bumungad sa kanya. Pinakainteresado siya sa e-mail na galing kay Gino Siguera kaya iyon ang una niyang binuksan. Kaklase niya si Gino noong highschool. Naka-base na ito sa Singapore ngayon bilang isang web designer. Electronic mail was their way of keeping in touch.

*Hi, Bettina!*

*It dawned on me that it's been ten years since we graduated from highschool. I'm planning our batch's reunion. Care to help?*

Ten years? Had it really been that long? A decade had passed and she never noticed.

Year 1991 siya nagtapos sa *Bicol Laboratory High School*. Writer siya ngayon sa *Soul Publishing*, a

prestigious company based in New York. Limang taon na siya rito. Through hard work and determination, she managed to stay onboard despite the cutthroat competition. Her most recent assignment was to write about Asia's exotic places, specifically about volcanoes in the Philippines.

She was scheduled to go back to her hometown at the end of the month. She was looking forward to making a success of this assignment that may turn out more as a vacation than a paid business trip. She clicked on the e-mail reply button.

*Hi, Gino!*

*'Know what? I'm scheduled to be in the Philippines before the end of this month. I'm so excited already! Yes, I'll help you organize the grand event. Just tell me how.*

She hit the send button. Talagang hindi na siya makapaghintay makauwi. Binibilang na niya ang mga araw na inilalagi niya rito.

Napatingin siya sa ibaba mula sa 16th floor ng gusaling pinapasukan. It was freezing cold outside

## *Innocent Temptress - Angie Montalban*

---

because of the snow. She used to spend hours watching the snow fall. It gave her a certain joy just watching the snowflakes dance in the air. But lately, the scene seemed to have lost all its appeal on her.

“Penny for your thoughts.” Si Maggie, co-worker and bestfriend niya sa *Soul Publishing*. “Can’t wait to go home?”

“Yeah. We’re also going to have our 10th year highschool reunion,” balita niya sa Amerikanang kaibigan.

“Oh, I love reunions! It’s a chance to meet our highschool sweethearts and start where we left off!”

“But mine are all married already!” Sumimangot siya kunwari.

“Then it’s a chance to find new flames!” kinikilig na sabi nito.

“Well, why not? There might be guys in highschool that I overlooked before. They might have grown to be hunks.”

“Then it’s a great loss for the American guys. I was hoping you would get married to one of my countrymen.”

“I gave a chance to one but he broke my

heart.” Si Randy ang tinutukoy niya, the company accountant that was her boyfriend for one year and a half. Nadiskubre niya na bukod sa kanya ay may karelasyon itong sekretarya ng EVP nila.

“I’m sorry, Bettina.” Alam ni Maggie ang istorya nila.

“It’s okay, Maggie. I got over him already,” pag-assure niya sa kaibigan. Hindi ito kumibo at tinitigan lang siya. Parang hindi ito naniwala. “I’m just missing my family.”

Pagkatapos ng kolehiyo ay pumunta siya sa auntie niya na nakatira sa Dallas para magbakasyon. Natulungan naman siya nito na makahanap ng trabaho sa Amerika. Nakatulong ang kurso niyang Creative Writing para magkaroon siya ng career sa pagsusulat. She worked hard to be where she was now despite the fact that she was a foreigner here. She was given a chance to work equally with the rest of the American populace. Ang makapagtrabaho sa *Soul Publishing* ay isang karangalan para sa kanya.

The pay was good; the opportunities to travel and to grow as a person in her career were boundless. In over the five years that she was here, she felt like she had already accomplished so much. She was able to have her own regular column. Wala na siyang

mahihiling pa.

But after her break-up with Randy two months ago, she went through a painful self-examination. She was hoping they would get married someday. After all, she was almost 27 and certainly not getting any younger. Karamihan sa mga ka-batch niya ay may kani-kanya nang pamilya. She longed for a family of her own, too.

There must be more to life than just being Miss Bettina Hope Tamayo—writer, researcher, New Yorker.

*Am I happy?* At times, yes, but there were moments when she felt so empty. Something was missing in her life. Suddenly, a computer was not enough for her anymore. She used to joke that if it was her destiny to be married to a computer, she wouldn't mind. But the thrill of seeing her byline had long been gone. She wanted something new. She really must be missing home.

---

*Legazpi City Airport...*

*Home. It feels good to be home,* naisip ni Bettina habang hinihintay ang mga magulang sa waiting lounge ng airport. Kahit pagod mula sa flight ay

tuwang-tuwang pinagmasdan niya ang kapaligiran. Ito ang na-miss niya sa New York—ang Mayon Volcano. It was simply breathtaking, a perfect backdrop for a charming hometown airport.

“Hija, Dios mabalos at ligtas kang nakarating dito.” Mangiyak-ngiyak ang nanay niya nang makita siya.

“Napaaga po ang flight ko, Ma, Pang. Kumusta na po kayo?” aniya, sabay yakap sa mga magulang.

“Eto, miss na miss ka na namin, Anak. Sana magtagal ka dito ng mga ilang buwan.”

“Hayaan n’yo, Ma. Matutupad po ang wish n’yo. Binigyan ako ng tatlong buwan ng boss ko para magbakasyon dito,” tuwang balita niya.

---

Ginanap ang class reunion nila sa *Casablanca Hotel* sa Legazpi City. Alas ocho pa lamang ay halos kompleto na sila.

“Grabe, Girl, di ka na ma-reach! Ang ganda-ganda mo! You look every inch a New Yorker!”

“Parang di ka tumanda.”

Iyon ang mga papuring natanggap ni Bettina

habang binabati ang mga dating kaklase.

“I’m still the same Bettina,” sagot niya sa mga bumabati.

“With a New York twang nga lang, Darling!” ani John. Bading na bading na ito ngayon. “Just look at Alvin over there. Kung makatingin sa iyo, parang nanghihinayang na hindi ikaw ang napangasawa niya.”

Si Alvin kasi ay dati niyang boyfriend.

“Hindi kami ang para sa isa’t isa. Don’t give his wife any more reason to be jealous,” patungkol niya sa babae na kung makapangunyapit sa asawa ay parang maaagawan. Kaklase din nila ang napangasawa ni Alvin.

“Well, she has every reason to be jealous. Look at her and look at you,” dagdag pa ni John.

“Oh, stop it, John. We’re supposed to be promoting camaraderie here. At sobrang na-miss ko kayong lahat. Kuwentuhan n’yo na lang ako ng mga pangayari sa buhay n’yo.”

Iyon nga ang ginawa ng mga ito. Marami sa mga ka-batch nila ang magaganda na ang mga buhay ngayon. May naging bank executives, engineers,

local government officials and private corporation employees. Mayroon ding naging teachers at social workers. Nalaman din niya kung sino na ang mga may-asawa at kung sino ang mga single pa hanggang ngayon.

“Ladies and Gentlemen,” anunsyo ni Gino na emcee nila, “we interrupt your tete-a-tete to acknowledge the presence of our dear teachers, Mr. Hizon, Mrs. Rama and Miss Santos. Thank you po for gracing us with your presence.”

Isang masigabong palakpakan ang sumalubong sa tatlong guro nang umakyat ang mga ito sa stage.

“Hey, Guys, are you ready for this? Meron silang inihandang sorpresa para sa atin sa gabing ito. I will now turn-over the mic to Mr. Hizon!”

Lumapit ang matandang lalaki sa kinatatayuan ni Gino at magalang na tumabi ang huli sa dalawa pang babaeng guro na naiwan sa likod ni Mr. Hizon.

“Good evening, my dear former students,” umpsa ng paboritong guro ni Bettina. Teacher nila sa English si Mr. Hizon. “We’re really glad that all of you have grown to be somebody that we and our school can be proud of. In behalf of the school and the teachers who were not able to attend this occasion, we want to

*Innocent Temptress - Angie Montalban*

---

say congratulations to all of you! We wish you great things ahead. Mabuhay kayong lahat!"

Masigabong palakpakan. Nang humupa ang hiyawan ay nagpatuloy ito. "As such, we'd like to present an award to one outstanding alumni. His journals are published worldwide and he is a distinguished lecturer and speaker on the subject of volcanoes." Ibinigay nito ang mikropono sa dalawa pa nitong co-teachers. Si Mrs. Rama ang sunod na nagsalita. Binasa nito ang plake na hawak ni Miss Santos. Si Miss Santos ang pinakamatandang guro sa buong *Bicol Laboratory High School*.

"May we present the Most Outstanding Alumni award to Dr. Jose Alfonso Sta. Maria!" Hiyawan. Palakpakan. "Dr. Sta. Maria, better known to us as Alfon, is also an awardee of the 10 Most Outstanding Young Men in the Philippines."

*Jose Alfonso Sta. Maria?* Umuukilkil sa utak ni Bettina ang pangalan. She was trying to place him in her highschool memories. Tama, naging kaklase niya ito noong second year sila. He was the class valedictorian. Naalala niya ang isang payat, nakasalamin at tahimik na estudyante.

Bagaman matalino, he was not popular. He was not part of the in-crowd to which she belonged.

Ang lalaki ay magaling sa mathematics at biology. Memorized nito ang lahat ng scientific names ng halaman at hayop na inaayawan lahat nilang magkakaklase.

Naalala rin niya noon, naatasan itong gumanap bilang Florante sa school play nila samantalang siya ang gaganap na Laura. Nasabi niya nang malakas na sana ay iba ang maging partner niya. Hindi niya sinadya ni inakalang maririnig nito iyon. Nagpasalamat na lang siya nang ito na mismo ang tumanggi sa papel na Florante.

Ibang Alfonso ang umakyat ng stage para tumanggap ng award. The boy she remembered was now a muscular, rugged-looking man. He used to be tall and thin but now he was even taller, probably more than six feet. Doctor? Professor? Outstanding young man? My God, their classmates used to make fun of him! Ang tawag nila sa binata noon ay Phylum Extra-Ordinaire and walking biology book. But looking at him now, nobody would think of messing with the man. She stared at him in awe.

Ang mesang kinapupuwestuhan niya ay malapit sa stage. Nang napatingin ito sa kanya ay nginitian niya ang binata bilang pag-acknowledge dito.

Hindi nag-responde ang lalaki. He completely

ignored her. Bahagya nitong itinaas ang trophy. “Para sa aking mga guro na nagtiwala sa aking kakayahan noon at sa mga taong naniniwala sa akin hanggang ngayon, maraming-maraming salamat sa inyo. I also offer this award to the Lord. For creating the wonder that is Mayon Volcano, I have found my work—my passion. There were offers for me to work abroad but as there are too many of us already there, baka magsiksikan lang tayo.” Bahagyang tawanan mula sa audience. “I have decided to stay here and serve our hometown. “

Nairita siya sa hindi nito pagpansin sa kanya gayung ang lapit-lapit niya rito at alam niyang nakita nito ang pagngiti niya kanina. She felt snubbed.

*At nagparunggit pa para sa mga nagtratrabaho sa abroad. Parang siya lang ang nagsisilbi sa bansa!* ngitngit niya sa kinauupuan. But she had to admit she was thrilled to see him again.

“Hay, iyan si Alfon!” Narinig niya ang pagbuntong-hininga ni John. “Sobrang galing, I’m glad he was able to come.”

“Bakit hindi? Tagarito lang naman siya, kung iyong mga nasa abroad nga nakarating, siya pa?” inis pa ring saad niya.

“Kasi, masyadong busy sa buhay niya,” paliwanag ni John na hindi napansin ang tono niya. “Biruin mo, resident volcanologist ng *Mayon Observatory*, ’tapos writer, lecturer at professor din siya!”

“You mean sa *Mayon Observatory* siya nagtratrabaho?”

“Mismo. His research on Mayon was published internationally. And...” Hindi na nito naituloy ang sadyang sasabihin sana nang mapabaling. “Oh, no! I think he’s leaving. I need to ask him for the pictures. Wait, hahabulin ko lang siya.”

Napailing-iling siya nang nagkukumahog na tumayo si John. *Reunion namin pero aalis kaagad. Hindi man lang magpaiwan para maki-party at makipagkuwentuhan. Snob!*

Funny, but irritated as she was by his attitude, she wished to talk with him, maybe even dance with him and feel those muscular arms around her. She knew she would feel protected and...

“Bettina, Hija? Ikaw ba iyan! Ang ganda-ganda mong lalo. Kumusta ang New York?” Si Mrs. Rama, freshman teacher niya noon.

“Mabuti naman po. Pero iba pa rin talaga ang Pilipinas.” Inanyayahan niya itong maupo at

nagpaunlak ito.

“Wala ka bang balak na dito magtrabaho?”

“Meron din po, kaya lang hindi ko po masasabi kung kailan.”

“Ah, well, I hope you enjoy your vacation here. May asawa ka na ba, Hija?” tila nanunuksong tanong nito.

“Wala pa po,” nakangiting tugon niya.

“Hmm... si Alfon, binata pa rin hanggang ngayon.” May ngiti sa labi ang matandang guro. Sanay na siya sa mga matchmakings na ganito. People tend to pair the single ones with every available man on sight and she didn’t mind one bit to be paired with Alfonso. Napailing na lamang siya.

“Pero imposible naman pong wala pa siyang girlfriend.”

“Marami nga akong nababalitaan. Pero wala din namang nangyayari hanggang ngayon. Pihikan yatang masyado. Buti at hindi ka nag-asawa ng Amerikano?”

“Para po yata ako sa Bikolano.” Sumakay na rin siya sa biro ng guro.

“Naku, bagay kayo ni Alfon, Anak. Kaya nga sinabi ko sa kanya na—” Naputol ang sasabihin nito nang may yumakap sa kanya buhat sa likuran.

“Bettina! Mrs. Rama, sorry po, I’m late,” anang bagong dating na dalaga. Iyon ang madalas na dialogue nito sa naturang guro noong first year highschool students pa lamang sila. Natawa lamang ang matandang babae.

Si Edna, ang isa sa pinakamatalik niyang kaibigan sa lugar nila. Tinawagan niya ang babae pagkarating niya para sabihin na pupunta siya sa reunion. Human Resource Personnel ito sa *International Bank* sa Makati. Sa siyudad na ito naninirahan at bihira nang makadalaw sa Bicol.

Hindi sila magkamayaw sa pagkukuwentuhan. Napahiya sila sa lakas ng kanilang mga boses nang lumapit si Miss Santos para yayain nang umuwi si Mrs. Rama. Masaya nilang sinundan ng tingin ang papalayong mga guro bago nagpatuloy sa pag-uusap.

“Hey girls!” Napalingon silang pareho kay Gino. “Guess who I stopped from leaving? Sabi ko, huwag niyang pairalin ang pagiging celebrity niya sa atin. Kailangang makipagkuwentuhan siya sa atin or the batch will disown him!”

*Innocent Temptress - Angie Montalban*

---

Napatingala si Bettina sa matangkad na lalaking kasama nito. Alfon was even more gorgeous up close.

## 2

“Oh, my! Is that you, Alfon?” tili ni Edna. Napatayo ang dalaga at kinuha ang palad ng lalaki. “My God, I read about you in the papers. Congrats!” Humalik ito sa pisngi ng binata. “Celebrity ka na talaga...”

“What are you talking about? Ito pa rin ako, probinsyanong namumundok. Hindi tulad n’yo, mga pa-abroad-abroad na lang.” Tumingin ang lalaki sa kanya.

“But it’s your choice, di ba?” di napigilang sabihin ni Bettina. “You could have gone abroad, too, if you wanted to.”

“No, thanks. I like the simple lifestyle here.” Saglit lang siya nitong tiningnan at bumaling na kay Edna. “Kumusta’ng Manila, Edz? Makati girl ka na pala?” biro nito.

“Wala tayo kay Bettina—New Yorker!” Naupo muli ang babae at tumingin sa kanya. Hindi siya makaapuhap ng tamang sasabihin.

“By the way, she’s here to write about volcanoes, Alfon, which is your forte.” Tinapik pa ni Gino ang balikat ng lalaki bago bumaling kay Bettina. “This

is your chance, Girl, just ask Alfon here.” Naupo si Gino sa tabi niya.

“I was really planning to visit the observatory. Since you work there, I reckon you would not mind helping me.” She flashed Alfon a smile that in the past never failed to get her what she wanted.

Kumunot ang noo nito. “Sorry. I do serious work there. Wala akong panahong maging tourist guide. If you want, you can read the journals I’ve written.”

“Are you saying that my work isn’t serious? Para sabihin ko sa iyo, hindi laro ang trabaho ko,” mainit na sagot niya. Obviously, her charms had no effect on him whatsoever.

“Teka, nag-aaway ba kayo?” ani Edna, palipat-lipat ang tingin sa kanila. “Can you guys talk about work tomorrow instead? Let’s enjoy the night. Why don’t you dance with me, Alfon?” Hindi na nito hinintay ang sagot ng binata na kaagad namang sumabay rito.

Naiwan sila ni Gino sa mesa.

“I’m sorry about that, Bettina.”

Nagkibit-balikat lamang siya. Walang kasalanan si Gino. “What’s wrong with him? Na-award-an lang,

ang yabang-yabang na. Alam ko naman na hindi kami malapit sa isa't isa noon, pero... couldn't he at least have said 'no' politely kung ayaw niya?" she muttered.

"Well, pasensya ka na kay Alfon. Ganyan talaga iyan, nasanay na kami sa kanya. He's very serious about his work."

She chose not to comment. Pinagmasdan na lamang niya ang mag-partner sa dance floor. Nakayakap si Edna kay Alfonso at animated na nagkukuwento habang nagsasayaw. Naka-focus ang buong atensyon ni Alfonso sa dalaga. Nakadama siya ng inggit sa kaibigan. Kahit naiinis sa lalaki ay parang gusto niya ang posisyon ngayon ni Edna. She wished she had the guts to actually ask him to dance like her friend did.

"Hey, sayaw din tayo." Nakalapit na pala sa kanila si John. Sumabay sa pagtayo nila si Gino para kumuha ng inumin.

Magaling sumayaw si John. She loved dancing as well. Lost in the music, nakalimutan na niya ang pagkapahiya sa inasal ni Alfon at nakapag-enjoy na rin.

Natanawan niya si Gino na muling umakyat sa stage. Nag-suggest ito na maglaro sila habang

nagsasayawan.

“The game is to change partner every few minutes. The trick is to learn something about our new partner. Ask whatever you want. The person who knows most about the particular person whose name we'll draw at the end of the dance wins. Game na?” malakas na tanong nito.

“Game na!” magkakapanabay na sagot ng lahat. Tila biglang nabuhay ang excitement sa paligid.

Nagsimula na ang laro. Palitan ng partner at tanungan ng kahit ano, para lang may maitanong. Tuwang-tuwa siyang nakibalita sa mga dating kaklase.

“Gino, mag-aasawa ka na raw? Hindi mo nabanggit sa e-mail. Who's the lucky girl?” Sumali rin sa laro nila ang emcee.

“Ludy Ty, Manileña siya. Chinese-Filipino. Ikaw, kumusta na kayo ng American boyfriend mo?”

“Break na kami kaya available na uli ako.” It was a fun game. Hanggang sa matapat siya kay Alfonso. Bumilis ang tibok ng puso niya lalo na nang hawakan siya ng lalaki. Hindi niya napigilang itanong dito ang unang pumasok sa isip niya.

“Alfon, galit ka ba sa akin?”

“You’re imagining things, Miss Tamayo.”

“I don’t think so. I can feel it. Kanina pa, what’s wrong?”

“Writer ka nga, Bettina. You have a great imagination. I am not angry with you. Why, do I bother you?”

Wala siyang naisagot. May tumabig sa kanila. Change partners. Nanghinayang siya na may pumalit na sa kanya sa mga bisig ni Alfonso. Marami pa siyang gustong itanong dito.

“Do you have a boyfriend, Bettina? Bettina...” untag ni Rico. Heartthrob ito ng batch nila. Lalo itong gumuwapo at tumangkad.

“Oh, sorry. What did you say?”

“Sabi ko, may boyfriend ka na ba?

“Wala. Bakit?”

“Puwede ba kitang ma-i-date bukas?”

“Ang bilis mo.”

“So, puwede?”

“I will think about it.” Tumawa siya. Pero ang isip niya ay na kay Alfon at sa ka-partner nito na hindi

niya maalala kung sino.

Big hit siya sa game na iyon kahit si Rico ang nanalo. Tungkol kasi sa kanya ang itinanong sa binata at totoong nagpaunlak ito sa pagsagot. Dinadaan na lamang niya sa tawa kapag dinadagdagan nito ang mga impormasyong nakuha sa kanya at kapag exaggerated ang paglalahad nito. She also won the Alumni Star of the Night for female. At male category ay napunta kay Alfon. Pero walang Alfon na umakyat ng stage para tanggapin ang award. Umalis na raw ito. She experienced an ache she could not pinpoint.

---

### *Mayon Observatory...*

The research station was located on the northwestern slope of Mayon Volcano. Maaga pa lamang ay neroon na si Bettina. Mt. Mayon was approximately two thousand four hundred and twenty-one meters above sea level. A narrow eight-kilometer paved road linked the place to the main highway. Gusto na niyang simulan ang pagsusulat.

“Of course, you’re very welcome to stay here and observe Mayon Volcano,” ani Mr. Guererro, director ng Observatory. “We are honored to have a writer of your caliber among us.”

“Thank you so much, Sir. I promise not to be a nuisance to the staff.”

Tuwang-tuwa siya. Nasa New York pa siya nang sulatan ang director tungkol sa kanyang gagawing research. Hindi niya akalaing ganito ka-warm ang reception sa kanya. Binigyan niya ang sarili ng isang buwan para tapusin ang article niya.

Para ganap na makatotohanan ang isusulat niya tungkol sa Mayon, kailangang maranasan niya ang mga bagay na may kinalaman dito. The secret of writing is knowing one's subject. Ang natitirang dalawang buwan ay gagamitin niya sa paglilibot sa mga aktibong bulkan sa bansa kabilang na ang Mt. Pinatubo.

Nag-ikot siya sa museum ng obserbatoryo. Marami roong larawan ng bayolenteng pagsabog ng Mayon. Central feature at main attraction ito ng Albay. The mountain's almost perfect cone constantly draws visitors to its beauty.

Pinagmasdan niya ang larawan ng Cagsawa Ruins, a major tourist spot in Albay. The tower of the church was the only testament to a most destructive eruption that happened on February 1814. More than a thousand people perished. Ang mga tao ay tumakbo sa simbahan ng Cagsawa pero naabutan sila ng lava.

“As I recall, noong highschooll tayo ay Cagsawa Ruins ang isa sa mga tambayan ng grupo ninyo. Yet you’re staring at it as if you are a tourist...”

“Alfon! Ginulat mo ako.”

“Actually, ako ang ginulat mo. Don’t tell me you followed me here?” Nakatingin ito ngayon sa larawang kanina ay pinagmamasdan niya.

“Excuse me?” Napataas ang tono niya at napatingin dito.

“I’m kidding. So totoo palang interesado kang magsulat tungkol sa Mayon. Why? Wala ka na bang maisulat na iba?”

“Look, this is an assignment. Whether you believe me or not, I don’t care. That is your problem.”

“Tama ka. I find it hard to believe that you’re serious. Hindi naman ganito ang mga isinusulat mo dati.”

“Bakit? Ano ba ’yung mga dati kong isinusulat?” Unti-unti na siyang napiplikon. “At hindi ko alam na pinag-aaksayahan mo ng panahon ang mga gawa ko.”

“Oh, Mrs. Rama showed your publication to me one time. Something like, *How To Win The Man of Your Dreams*. So, what’s the title going be this time?

## *How To Climb Mayon Volcano With the Man of Your Dreams?"*

Sa pagkabigla nito tumawa siya nang malakas. “Why not? Binigyan mo ako ng ideya. It’s quite an interesting title. I think I’d consider that or *101 Ways to Date on Top of the Volcano*? Maybe you could even help me discover a number of ways to make my *serious work* realistic?” sarkastikong suhestyon niya.

“I have no time for your games, Bettina! Bakit hindi ka na lang bumalik sa New York, Laura? Doon mo hanapin ang iyong Florante dahil mukhang wala siya rito!” Tinalikuran na siya nito.

“O, ano ngayon? Ikaw ang napikon,” nakangiting bulong niya nang makalayo ito. So he was pissed off. But she felt no satisfaction about it. She hoped that they could be friends. Tinawag siya nitong Laura. Hindi pa rin pala siya nito napatawad noon nang marinig nitong ayaw niya itong makapareha bilang Florante.

But she was so young then! Apparently, nasaktan niya ito but young people tend to do or say something hurtful to one another without really meaning it.

Busy siya sa pagbo-browse ng data tungkol sa volcano nang makita niya ang binatang pumasok sa

observatory room. Dahil salamin lang ang naghahati sa mga kuwarto, kita niya ang bawat galaw nito. Hindi niya sinasadya pero hindi niya maialis ang tingin dito. She enjoyed looking at him.

He was not particularly handsome by popular standards. He was big, dark, and rugged-looking. His hair fell below his eyes giving him a mysterious appearance. He looked as if he forgot to shave last night. Ibang-iba ito sa mga lalaking dine-date niya, kahit sa mga naging boyfriend niya. They were all charming and boyishly good-looking. Hindi niya ngayon maintindihan ang sarili kung bakit attracted siya kay Alfon.

Mayamaya ay napatingin din ito sa kanya. Huling-huli siyang nakatitig dito. Nginitian na lang niya ito pero sa halip na tumugon ay matalim itong tumitig sa kanya bago ibinalik ang atensyon sa ginagawa.

“Suplado!” bulong niya. “May araw ka rin sa akin!” Hindi siya nagtagal sa Amerika para tratuhin lang ng lalaki ng ganito.

“O, kumusta ka na, Bettina? Found something interesting?” batì ni Garry, associate volcanologist. She found Garry friendly and helpful. A bit overly helpful for her liking, she thought.

“Umm, yes. Thanks.” Ngitián niya ito nang matamis. At least, si Garry ay pinapansin siya samantalang ang lalaking nasa kabilang kuwarto ay super-suplado. To think na kaklase pa man din niya ito. “Nakakainis!”

“Ha? Ano’ng sabi mo? Nakakainis ako?”

“Hindi. Sorry, wala kasing signal. Hindi tuloy ako makatawag.”

“Ah, wala talagang signal dito.”

“Gan’un ba? May importante lang sana akong tatawagan.”

“May lugar sa labas na inaakyatan namin kapag kailangan naming tumawag. Gusto mo, samahan kita?”

“Di bale, later na lang.” Magpapasama siya kay Alfon.

“Let’s have lunch. Masarap magluto si Aling Lydia. Real Bikolano dishes. I’m sure na-miss mo ito sa Amerika.”

Ginataang alimango ang niluto ni Aling Lydia, ang kusinera sa canteen ng obserbatoryo. Sobrang na-miss niya ang mga pagkaing Pinoy. Sa Amerika ay halos nabuhay siya sa burger and fries.

Naghahanap na sila ni Garry ng mesa nang tawagin sila ng director na sumalo sa table nito. Kasama nito sa mesa si Alfon. Kaagad bumilis ang tibok ng puso niya.

“Garry, Bettina, dito na kayo maupo. Bettina, I want to introduce you to our chief volcanologist, Dr. Alfonso Sta. Maria. Alfon, meet our pretty researcher, Bettina, fresh from New York,” pagpapapakilala ng director.

“Magkakilala na po kami, Sir,” pauna na niya nang hindi gumawa ng move ang lalaki para i-acknowledge ang presensya niya o sabihin na dati na silang kakilala.

“Ah, I see. Pag maganda talaga hindi mo pinalalampas, ano, Alfon?” biro ng director. “Garry, huwag mong kalimutang may nobya ka na, Hijo. Kaya huwag kang magpapaniwala sa mga bola nito, Bettina. Lahat ng babae ay nililigawan niyan.”

“Sir naman, binibisto n’yo ako. Binata pa po ako.”

“Naku, Bettina, huwag kang magpapaniwala diyan. Itong si Alfon, siya ang hundred percent na binata. Siya ang pinaka-expert sa amin dito. Kaya kung may kailangan kang itanong, you ask him. Huwag kang mahihiya sa kanya. Mabait iyan.”

Kumindat pa ito sa kanya.

“Thank you, Sir. Pero magkaklase po kami ni Alfon sa high school, kaya I know hindi niya ako matatanggihan. Kukulitin ko na lang po siya.”

“O, iyon naman pala. So wala ka nang problema. Di ba may trip ka sa *Hill Observatory* bukas, Alfon? Isama mo si Bettina.” Hindi kumibo ang pinagpatungkulan. Nagpatuloy lang ito sa pagkain.

“Thank you, Sir. Miss na miss ko na nga po ang Bikol kaya gustong-gusto ko pong maglibot.”

“Paglilibot pala ang hanap mo, Miss Tamayo, nagkamali ka yata ng pinuntahan?” Noon lang nagsalita ang binata, patuya pa.

“I mean paglilibot sa lahat ng bagay na may kinalaman ang Mayon. I could write better if I experience it first. And I’ll be happy if you can take me with you.” *Eh, ano kung ayaw mong kasama ako?* Basta siya, gagawin niya ang trabaho niya at may back-up siya sa director.

“Ah... ehem,” hirit ni Garry, “kung gusto mo, ako na lang ang sasama sa iyo sa paglilibot.”

“Shut up, Garry,” pang-aalaska ng director, “tapusin mo muna ang report mo at two weeks ka

nang overdue.”

“Opo, Sir, akala ko makakalusot ako,” nakangiting sabi nito.

Nagkasabay sila ni Alfon sa paglalakad palabas ng kainan.

“Kung desidido kang sumama, inaasahan ko na alas cinco pa lang ng umaga ay nandito ka na. Kung wala ka sa takdang oras ay iiwanan kita.”

“Don’t worry! Alas cuatro pa lang ay gising na ako.” Napalunok siya. Iniiisip niya kung paano niya gagawin iyon. Hindi pa siya nakaka-adjust sa time difference ng Pilipinas sa New York. Laging alas nueve ng umaga kung magising siya. *Hindi na lang siguro ako matutulog para hindi ako maiwan.*

# 3

## *Hill Observatory...*

Hindi talaga siya nakatulog sa sobrang excitement. Nang tumunog ang alarm clock niya nang alas cuatro ay bumangon na siya. Alas seis ay narating na nila ang lugar. Ang *Hill Observatory* ay isa pang obserbatoryo na tumitingin din sa Mayon. Pagdating doon ay nanginginig na siya sa sobrang lamig. Nakalimutan niyang magdala ng jacket. *Of all things to forget—jacket pa, sita niya sa sarili.*

“Ano ba iyang suot mo? Alam mong aakyat tayo ng bundok ay hindi ka handa?” She was dressed in blue jeans, white t-shirt and rubber shoes. Maliban sa kawalan ng jacket ay alam niyang she was dressed appropriately.

“Sorry, I forgot my jacket!”

“Everybody knows na malamig sa bundok pag madaling araw.”

“Okay, bobo na ako kung bobo! But as you’ve noticed, I’m not complaining! Hindi mo na kailangang ipagduldulan sa akin ang kabobohan ko!” Inunahan na niya sa paglalakad ang lalaki.

Excited pa naman siya na makasama ito. Hindi niya akalaing ganito pala talaga ang ugali nito. Hindi man sila magkaibigan dati, she expected civil treatment from him at the very least. Nagpakalayo-layo siya rito sa sobrang inis.

Akala niya ay pinabayaan na rin siya nito. Nagulat siya nang isuot nito sa kanya ang sariling jacket. Awtomatikong naitaas niya ang kamay para ganap na maisuot ang pangginaw nito.

Na-touch naman siya sa ginawi ng lalaki. Gentleman din pala.

“Let’s go! May hot chocolate siguro si Mang Ramon.” Iгиниya siya nito hindi papasok sa obserbatoryo kung hindi sa likod ng building.

Si Mang Ramon ang caretaker ng lugar. May bahay ito sa likod. May naghihintay nga sa kanilang hot chocolate. Gawa pa ito sa purong cacao galing sa maraming nakatanim sa paligid.

“Dios marhay na aldaw, Ineng,” batì ng pamilya nito. May dalawang anak si Mang Ramon. Gising na ang mga ito nang pumasok sila. Kaagad na lumapit sa kanya ang dalawang bata.

“Magayunon siya, Mang,” sabi ng bata na may limang taong gulang.

“Gayon! Gayon!” dagdag ng mas bata rito na hinawakan pa ang buhok niya para laruin.

“Ang ganda-ganda mo raw, Anak,” sabi ng asawa ni Mang Ramon.

“Ang suwerte mo naman sa nobya mo, Alfon, napakaganda,” anang asawa nito.

“Hindi ko po siya nobya. Dati ko po siyang kaklase. Nandito po siya sa opisina ng mga isang buwan para mag-research.”

“Ay paumanhin. Akala namin ay ... sayang!”

Nginitian na lang ni Bettina ang mag-asawa. Natuwa siya na napagkamalan siyang nobya ni Alfon. Pero nalungkot siya sa matigas na pagtanggi ng lalaki.

“Madalas dito sa amin si Alfon, Anak. Para na rin namin siyang anak. Kung may kailangan ka, puntahan mo lang kami.”

“Maraming salamat po.”

Matapos silang mag-agahan ng mainit na tsokolate at nilagang kamote na may margarine ay tumuloy na sila sa opisina. Nalaman niya sa binata ang iba’t ibang techniques para ma-monitor kung kailan mag-e-erupt ang bulkan.

Ini-demonstrate nito sa kanya kung paano gamitin ang Correlation Spectrometer o COSPEC. Namo-monitor ng device na ito ang sulfur dioxide emission.

Napakatalino ni Alfon. Alam na alam nito ang ginagawa. Habang nagpapaliwanag ito ay hindi niya mapigil ang sarili na lalong humanga rito. She could not take her eyes off him. Mula sa malalago nitong pilik-mata, sa maiitim nitong mga mata, hanggang sa pisngi nitong may mahabang pilat.

*Wala pa ang pilat na iyon noon.* She wondered how he got it.

“Iniisip mo ba na kakaiba ako sa mga lalaki sa New York?” Hinaplos nito ang pilat sa mukha. “I’m sorry if my scar repulses you. I got this during one Mayon expedition where it erupted without prior warning.”

The horror she felt on the scene he had just recounted was clearly written on her face. Hindi niya napigilan ang sarili na hawakan ang mukha nito.

Pinigilan siya ng binata bago nakalapat ang palad niya sa pisngi nito. Hinawakan nito ang kamay niya. Nagkatitigan sila. Agad siyang binitawan nito bago marahang tumayo. Akala niya ay iiwanan na siya nito

roon pero bumaling uli ito sa kanya.

“Let’s go.”

Nakahinga siya nang maluwag. Muntik na niyang ipagkanulo ang nararamdamen. My God, ano ba itong nangyayari sa kanya? She was making a fool of herself. Ano na lang ang iiisipin ng lalaki sa kanya? That she was easy?

Kay Alfonso siya in-assign ni Mr. Guerrero para sa mapag-aralan ang Mayon. Di makatanggi ang binata nang magdidikit siya rito. Hindi siya naging researcher para lang madaling ma-discourage sa ugali nito. Hanggang ngayon ay malamig pa rin ang pakikitungo nito sa kanya.

Inakay siya nito patungo sa labas. “Ipapakita ko sa iyo kung paano gawin ang visual observation.”

From the observatory, the trail they were following led to a tropical forest, which was replete with a wide variety of flora and fauna. It then cut across a talahib wilderness, swerving at approximately a good one thousand and two hundred meters towards Buang Gully, a ravine formed by ancient molten lava flow.

Dito sila naglakad-lakad. *Hay, walang ganito sa New York*, naisip niya.

Nasanay siya sa cosmopolitan living at skyscrapers. Dito ay sariwa ang hangin. She felt one with nature. Ipinikit niya ang mata at huminga nang malalim. Pagdilat niya ay mukha ng lalaki ang namulatan niya. Nakatitig ito sa kanya.

“Bakit bumalik ka dito?” tanong nito.

“Tagarito ako, natural babalik ako.”

“I thought, compared to New York you’d find this place boring and backward.”

“It doesn’t matter what I think. Trabaho ang ginagawa ko. Kung inisiip mong naglalaro lang ako, nagkakamali ka. Talagang pagsusulat tungkol sa Mayon ang ipinunta ko dito.”

“Well, hindi na bago ang ganyang tema. I have written a number of articles about Mayon. And believe me, it didn’t take me a month to make those.” Nasabi marahil ng director kay Alfon na isang buwan ang inilaan niya para sa assignment na ito.

“Maaari, pero ibang angulo naman ang isusulat ko. More like articles on Philippine travel that are centered on volcanoes. Besides, kasama na rito ang bakasyon ko. I haven’t had a proper vacation for years. And the ultimate reason why I gave myself a month is because I want my writing to be realistic.

I want to experience this first hand.” Nasabi na niya iyong dito. Umaasa ba siyang kapag inulit niya nang inulit ay maniniwala ito na iyong talaga ang dahilan niya?

“I see. Napanood ko iyong pelikulang *How to Lose a Guy in 10 Days*. Halos pareho ng gusto mo iyong ginawa n’ung writer.” May pagkadisgusto sa tono nito. “Sabihin mo nga sa akin, balak mo ba akong isama sa mga isusulat mo? Ano ba’ng title *How to Survive a Relationship with a Rude and Appaling Volcanologist for a Month?*”

“Rude you might be but I don’t find you appalling.”

“Really?”

“What’s wrong with you? Can’t we even talk like normal former classmates? I know we were not friends before—”

“Ano ba’ng gusto mong isipin ko? Alam kong alam mo kung gaano ka kaganda. Napakatagal mo sa New York para hindi malaman na maaakit sa iyo ang mga lalaki.”

“Bakit naaakit na ba kita?” hindi niya napigilang itanong.

“For God’s sake, leave me out of it! Huwag

mo akong isama sa laro mo, okay? I'll just pray na matapos agad ang isang buwan so you'd leave me alone.”

“Why? Do I bother you?” Hindi ito sumagot. “Don’t worry, Dr. Alfonso Sta. Maria, kung ano man ang iniisip mo tungkol sa akin, nagkakamali ka. I am only here to do my work. Limang taon akong nawala, kung natutuwa man ako na makita ang mga dati kong kakilala, normal reaction naman siguro iyon. Kung may mali man sa pakikitungo ko sa iyo, ipagpatawad mo. Pero wala akong balak na guluhin ka or whatsoever. Natutuwa lang akong makita kang muli tulad ng pagkatuwa ko sa mga dati nating kaklase.”

Nagtitigan sila. Wala siyang balak na unang magbaba ng tingin.

“Okay, I’m sorry.” Ang binata ang unang nag-apologize.

Naramdaman niyang sinsero ito kaya tumango siya bilang pagtanggap doon.

“I also want you to know that I’m happy for you. I’m proud that you were my classmate. I admire your decision to stay here despite the call abroad. It’s hard to find people with conviction like yours. And I

respect you so much for it,” tuloy-tuloy niyang nasabi. Iyon talaga ang nilalaman ng puso niya.

Sa kauna-unahang pagkakataon ay ngumiti sa kanya ang lalaki. Hindi ito sanay na pinupuri. “Oo na, tutulungan na kita. You don’t have to use your writer’s tonuge on me to persuade me to help you.”

Ang saya niya nang makita ang pagngiti nito na walang halong pang-iinsulto. Parang gusto niyang tumalon sa tuwa at yakapin ito.

“Oh, Alfon. Thank you so much! I’m really very grateful.”

“Halika na. Mainit na dito. Mag-lunch muna tayo at sa ibang araw na lang natin gawin ang visual observation. Meron akong kailangang gawin na urgent.”

Tuwang-tuwa siya. Alam niya, mula sa araw na ito ay magkaibigan na sila ni Alfon.

---

### *Café by the Ruins....*

Nagkasundo silang magkita-kita ng mga kaibigan niya noong highschool na bahagya niya lamang nakausap noong reunion. Naroon si Edna na naka-two weeks leave sa trabaho nito sa Makati, pati sina

Cez at Janet. Sa *Café by the Ruins* sila kumain. It has a commanding view of Mayon Volcano.

“Ay naku, Bettina! Saan ka ba nagtago at ang hirap mong makontak?” ani Cez. “Marami kang utang na kuwento sa amin, ha.”

“Sorry, Girls. Nasa observatory kasi ako most of the time. Walang signal doon.” Ayon sa kanyang mamang ay salitang tumatawag ang mga kaibigan niya sa kanilang landline.

“Serious ka talaga sa writing mo tungkol sa Mayon, ha?” nangingiting tanong ni Edna. “Hay, inggit na inggit ako sa iyo. You realized your dream to be a writer. To think that I was the one very vocal about it before.”

Noong highschool ay pareho sila ni Edna na nasa school publication. Editor-in-chief ito samantalang Features Editor siya. Together they dreamt of becoming writers.

“Nagsusulat ka pa rin naman, ah. I read the article that you sent me that was published in the *Inquirer*. It made me cry.”

Tahimik lamang si Edna.

“True story ba iyon? Boyfriend mo?” tanong ni

Janet.

“No. He’s my friend. But most of those who read it thought it was a tragic love story. I didn’t mind.” Ngumiti ito at bumaling sa kanya. “I’m so proud of you, Girl, at least one of us fulfilled our dream.”

“Puwede kang magsulat part-time while doing a full time job.”

“Oo, kaya lang medyo busy ako sa work ko as personnel head ng bangko. Ang daming problema sa office. Iba kasi pag tao ang hawak mo. You cannot predict what would happen next.”

“Kaya nga I prefer writing. I can manipulate words as opposed to people. O kayong dalawa,” baling niya kina Janet at Cez, “kumusta ang buhay may-asawa?” Parehong mother and housewife na ang dalawa. Sila na lang ni Edna ang single.

“Eto, dalaga na uli. Naghiwalay na kami ng asawa ko,” ani Cez.

“Ha, bakit?” Nagkasabay pa sila ni Edna sa pagtatanong. Ikinagulat nila talaga iyon. Cez had a perfect marriage, at least, that was how it appeared to them.

“Irreconcilable differences. Pero nasa akin ang

anak ko. Iyon lang ang magandang idinulot ng kasal ko.”

“Oh, sorry.” Magkasunod ang paghingi nila ng paumanhin. Mapait na ngiti lang ang itinugon ni Cez.

“You and Jeric looked perfect together,” nasabi ni Janet.

“I thought so, too. But I was wrong. It’s better this way. Believe me, I’m glad naghiwalay na kami. Enough of my sad story. Itong si Janet naman. I know she’s happily married and with three kids!” Mukhang totoong bale-wala na kay Cez ang pinagdaanan nito.

“Hay, nami-miss ko ang magtrabaho. Inggit nga ako sa inyo, eh. Mga career woman kayo. Nagagawa n’yo pa rin ang mga gusto n’yo. Ako, siyempre, mga bata muna bago ako.”

“Ayaw mo na bang magtrabaho?”

“Gusto sana. Kaya lang, walang mag-aalaga sa mga anak ko. Ganoon siguro talaga, you have to give up something para maging successful mother and wife. Mahirap pagsabayin.”

“Sabagay. Hindi bale, magaganda at guwapo naman ang mga inaanak namin. Wala kaming mga ganyan, di ba, Bettina?” bawi ni Edna na kumindat

pa sa kanya. Inaanak nilang dalawa ang mga anak ni Janet. Nakisang-ayon na lamang siya.

“Kumusta na kayo ni Alfonso?” tanong ni Edna pagkuwan.

“Kami? Bakit?” gulat niyang balik.

“Hindi ba kayo nagkikita sa observatory? Parang nagkainisan kasi kayo sa reunion natin.”

Nakita ni Bettina na pinagmamasdan ng tatlo ang reaksyon niya.

“Ah, wala iyon. Tinutulungan niya ako sa research ko. Mabait na siya sa akin,” aniya sa tonong pabiro.

“Aha, we smell something,” tudyo ng mga ito.

“Binata pa ’yun,” dagdag ni Cez.

“Wala pala sa Amerika ang suwerte mo, nandito lang,” gatong pa ni Janet.

“Malay mo ma-develop kayo. Mabagal ba siya? Don’t tell me na immune siya sa charm at ganda mo?” Si Cez ulit.

“Seriously, Girls, wala yata akong appeal sa kanya,” pagsusumbong niya.

“Uuuy! Ibig sabihin ay may appeal siya sa iyo.”

“Okay lang naman siya,” kagat niya sa biro.

“Okay? As in *papa-ble* ba?” pilyang tanong ni Edna.

“What do you think? Ikaw ang malapit sa kanya?”

“He considers me as one of the boys, while you, my Dear, get to him.” Tuloy lang sa pagkantiyaw sina Cez at Janet habang nakikinig sa kanila.

“What do you mean I get to him?” kunot-noong tanong niya kay Edna, ayaw maniwala.

“You affect him, I can tell. He is normally tolerant and sweet pagdating sa mga girls, like with me. Pero pagdating sa iyo, I think he feels something different.”

“Ikaw yata ang writer, eh. Kung anu-ano ang nai-imagine mo.” Tinawanan na lang niya ang kaibigan. “I’m sure may girlfriend na iyon.”

“Hmm, let me see,” nagusot ang magandang mukha ni Cez, halatang nag-iisip, “alam ko naging girlfriend niya iyong nanalong *Miss Bicolandia* minsang mag-judge siya sa pageant. Nang mag-compete iyong girl sa *Bb. Pilipinas* ay naghiwalay sila. Then there was this local reporter that I noticed him dating for a while... pero wala ring nangyari.”

Naisip niyang mukhang updated ang mga

*Innocent Temptress - Angie Montalban*

---

kaibigan sa affairs ni Alfon. *Hindi pala pipitsugin ang mga karibal ko.* Beauty titlist. Reporter. Pero bakit kaya wala na ang mga ito ngayon? Iniwanan ba si Alfon ng mga naging nobya nito? Nabigo ba ito sa pag-ibig? Iyon ba ang dahilan kaya parang bitter ang binata at wala yatang tiwala sa mga babae? Kahit paano, may nagbago sa pagtingin niya kay Alfon matapos ang pag-uusap nilang magkakaibigan.